



Nagaragumo: Pagtukib sa mga salik ng pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Karay-a

Clenjan E. Esparagoza*¹, Tobias A. Flores, MAEd²

^{1, 2} Holy Trinity College of General Santos City

*Corresponding Author email: esparagozaclenjan@gmail.com

Received: 03 February 2026

Revised: 05 March 2026

Accepted: 10 March 2026

Available Online: 12 March 2026

Volume I (2026), Issue 1, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471

<https://doi.org/10.63498/pdpf1>

Abstrak

Layunin: Nilalayon ng pag-aaral na ito na tuklasin at suriin ang mga salik na nagdudulot ng pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Karay-a sa Lebak, Sultan Kudarat at alamin kung paano ito nakaaapekto sa kanilang pakikipagkapwa-tao. Tinitingnan ang pagbabagong ito bilang isang sosyo-politikal na proseso na nakauulat sa dinamika ng kapangyarihan, hegemonya ng wika, at sosyo-kultural na pag-aangkop sa isang multilingguwal na konteksto.

Metodolohiya: Gumamit ang pag-aaral ng qualitative descriptive design. Siyam (9) na kalahok mula sa iba't ibang sektor ng komunidad ang isinailalim sa semi-structured interviews. Sinuri ang datos gamit ang Thematic Analysis upang matukoy ang mga dominanteng diskurso, padron ng karanasan at estruktural na puwersang humuhubog sa kanilang lingguwistikong identidad.

Resulta: Lumitaw ang tatlong pangunahing salik ng pagbabago: (1) Linguistic Devaluation, na nakauulat sa sistemikong diskriminasyon at mababang prestihiyo ng Kinaray-a; (2) Unintentional Linguistic Merge, na bunga ng patuloy na interaksyon sa Hiligaynon at iba pang wika; at (3) Cultural Dislocation, na nagpapakita ng hegemonya ng dominanteng wika at stigmatization sa mga nagsasalita ng Kinaray-a. Sa antas ng epekto, natukoy ang paglipat ng linguistic capital patungo sa mas prestihiyosong wika at ang pagbabago ng linguistic habitus na nagbubunga ng linguistic hybridization at intergenerational duality sa pakikipag-ugnayan.

Konklusyon: Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Karay-a ay hindi lamang simpleng language shift kundi isang masalimuot na proseso ng sosyo-kultural na negosasyon at adaptasyon. Binibigyang-diin ang pangangailangan ng mas sistematikong interbensyon ng mga institusyong edukasyonal at lokal na pamahalaan upang mapanatili at mapalakas ang Kinaray-a bilang mahalagang bahagi ng kolektibong identidad ng komunidad.

Mga Susing Salita: Kinaray-a, lingguwistikong identidad, language shift, linguistic capital, linguistic habitus, cultural hegemony

INTRODUKSYON

Ang wika ay isang mabisang kasangkapan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan. Ito ang tagapaghatid ng mga kaisipan, ideya, kaalaman, at impormasyon mula sa isang indibidwal patungo sa isa pa, at nagsisilbing lunsaran ng pagkakaunawaan sa pagitan ng mga tao. Gayunpaman, sa paglipas ng panahon, may mga wikang unti-unting humihina ang paggamit at nahaharap sa panganib ng paglalaho. Kasabay nito, ang pakikipag-ugnayan ng isang wika sa ibang dominanteng wika ay maaaring magdulot ng paglipat o pagbabago sa lingguwistikong identidad ng mga tagapagsalita.

Sa pandaigdigang antas, kinikilala ang wika hindi lamang bilang kasangkapan ng komunikasyon kundi bilang pangunahing tagapagbigay-anyo ng pagkakakilanlan, kultura, at kolektibong alaala ng isang komunidad. Ayon sa United Nations at UNESCO, humigit-kumulang 40% ng mga wika sa mundo ay nanganganib o nasa ilalim ng banta ng pagkawala dahil sa globalisasyon, urbanisasyon, at pagkawala ng intergenerational transmission ng mga katutubong wika. Kapag ang isang wika ay nawala, kasabay nito ang mga tradisyon, kaalaman, at paraan ng pag-unawa sa mundo ng mga komunidad na nagsasalita nito. Tinatayang mahigit 6 000 na wika ang endangered, at



nagpapatuloy ang pagkawala sa bilis na katumbas ng pagkawala ng isang wika bawat ilang buwan. Ipinapakita nito na ang suliranin ay hindi lamang simpleng pagbabago ng salita, kundi isang malalim na pagbagsak ng kultural at sosyo-historikal na ugnayan na bumabalot sa isang komunidad (Alyami, 2023; Nowak, 2020).

Sa konteksto ng Pilipinas, isang bansa na may mahigit 150 wika at katutubong dayalekto ayon sa Philippine Statistics Authority (2023), ang pagbabago ng linggwistikong identidad ay nagiging hamon para sa mga komunidad na nagnanais mapanatili ang kanilang natatanging pagkakakilanlan. Ang phenomenon na ito ay makikita sa mga tagapagsalita ng Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat. Ang mga Karay-a, na kilala bilang mga tagapagsalita ng Kinaray-a mula sa Antique at ilang bahagi ng Kanlurang Visayas, ay nakakaranas ng pagbabago sa kanilang linggwistikong pagkakakilanlan dahil sa sosyo-kultural na interaksyon, migrasyon, at iba pang impluwensyang pangkapaligiran.

Ang epekto ng pagbabagong ito ay hindi lamang nakakaapekto sa personal at kultural na identidad, kundi pati na rin sa pormal na pagtatala sa nasyonal na antas. Ayon sa Philippine Statistics Authority (2020), hindi na kabilang ang Kinaray-a sa sampung pinakaginagamit na wika sa Pilipinas. Dagdag pa rito, sa Atlas Filipinas ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2015 at sa Binagong Edisyon noong 2017, may ilang probinsya at rehiyon na pinaniniwalaang walang nagsasalita ng Kinaray-a, bagama't may mga datos mula sa lokal na pamahalaan na nagpapakita ng aktibong paggamit ng wika.

Bagama't may umiiral na pag-aaral tungkol sa language attrition at pagbabago ng cultural identity (Alasgarova et al., 2024; Kauhanen, 2020), kulang pa ang pagsusuri sa impluwensya ng dominanteng wikang Hiligaynon sa Kinaray-a sa lokal na konteksto, partikular kung paano ito nagdudulot ng kalituhan sa linggwistikong identidad at pakikipagkapwa-tao. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong punan ang puwang na ito sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa karanasan at pananaw ng mga tagapagsalita ng Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat. Sa ganitong paraan, ang pananaliksik ay nagbibigay ng novel empirical insight sa relasyon ng wika, kapangyarihan, at identidad sa lokal na konteksto, at nag-aambag sa pagpapaunlad at pangangalaga ng natatanging wika at kultura ng komunidad.

Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Mga Salik sa Pagbabago ng Linggwistikong

Maraming pag-aaral ang nagpapakita na ang pagbabago ng linggwistikong identidad ay bunga ng kombinasyon ng sosyal, kultural, at edukasyonal na salik. Ayon kay Alyami (2023), ang kalituhan sa pagitan ng mga wika ay karaniwang resulta ng paglipat mula sa sariling wika patungo sa mas dominanteng wika, na maaaring magdulot ng pagkawala o pagsasanib ng orihinal na identidad. Sinusuportahan ito ni Nowak (2020), na nagpapakita ng ugnayan ng globalisasyon at linguistic shift sa pagbabago ng cultural identity.

Sa konteksto ng edukasyon, ipinapakita ng pag-aaral nina Alasgarova et al. (2024) sa international schools sa Azerbaijan na ang exposure sa dominanteng wika ay nagdudulot ng language attrition, lalo na sa mga bata. Ang phenomenon na ito ay nagreresulta sa pagbaba ng kasanayan sa sariling wika at pagbabago ng cultural identity, na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng wika sa pagpapanatili ng lokal na identidad. Kauhanen (2020) naman ay nagbigay-diin sa linguistic convergence, kung saan ang mga tagapagsalita ay inaangkop ang kanilang wika upang makibagay sa mas prestihiyosong kultura, na may malinaw na kaugnayan sa sitwasyon ng Kinaray-a: marami sa kanila ang gumagamit ng Hiligaynon o Tagalog upang maiwasan ang stigma, na nagbubukas ng lokal na dimensyon ng global na phenomenon ng linguistic shift.

Pagbabago ng Linggwistikong Identidad at ang Pakikipagkapwa-tao

Sa Pilipinas, partikular sa mga wikang Kinaray-a at Hiligaynon, nakikita ang socio-linguistic shift bilang dahilan ng kalituhan sa linggwistikong identidad (SyGaco, 2022). Bagama't mas matanda at may mas malalim na kasaysayan ang Kinaray-a, unti-unti itong napapalitan ng Hiligaynon dahil sa sosyo-kultural na impluwensya at pananaw na ito ang "mas prestihiyosong" wika. Ang pagbabagong ito ay hindi lamang naglilipat ng wika kundi nagbubura rin ng mahalagang aspeto ng kultura at pagkakakilanlan, na may direktang epekto sa pakikipagkapwa-tao ng mga tagapagsalita.

Tulad ng ipinapakita nina Veettil et al. (2020), ang pagbabago ng wika ay may malalim na epekto sa etno-linggwistikong kalusugan ng komunidad, na nagreresulta sa pagkawala ng natatanging aspeto ng kultura at identidad. Bagama't may umiiral nang pag-aaral tungkol sa language attrition at cultural identity, kulang pa ang masusing pagsusuri sa lokal na konteksto ng Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat, partikular kung paano ang impluwensya ng Hiligaynon ay nagdudulot ng kalituhan sa linggwistikong identidad. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong



puunan ang puwang na ito sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa karanasan at pananaw ng mga tagapagsalita, na nagbibigay ng empirikal na batayan para sa pag-unawa sa relasyon ng wika, kapangyarihan, at identidad sa lokal na konteksto.

Synthesis

Ang pagbabago ng linggwistikong identidad o ang proseso ng unti-unting pagkawala ng paggamit ng isang katutubong wika kapalit ng mas dominanteng wika ay nagdadala ng malalim na epekto hindi lamang sa komunikasyon kundi pati sa mga kognitibong aspeto ng komunidad. Ayon kay Nowak (2020), ang pagkawala ng wika ay hindi lamang pagkawala ng mga salita kundi pagkawala rin ng kultural na simbolismo at mga natatanging paraan ng pag-iisip na nakaangkla sa wika ng isang komunidad. Sa ganitong konteksto, may kognitibong proseso ng pag-aangkop na nangyayari sa mga indibidwal na nagbubunsod ng bagong istruktura ng pag-iisip na dulot ng pagsasanay at pagkakaroon ng mas malaking eksposur sa bagong wika. Gayunpaman, sa proseso ng pagbabago ng linggwistikong identidad, maaari ring humina o mawala ang kakayahang gumamit ng mga konseptong eksklusibo sa orihinal na wika at sa gayo'y nagkakaroon ng limitasyon sa pagpapahayag ng mga kultural na ideya.

Ang pagkawala ng mga kultural na pagkakakilanlan na ito ay may direktang epekto sa panlipunang relasyon at komunikasyon ng komunidad. Halimbawa, ang orihinal na wika ng isang komunidad ay maaaring nagtataglay ng mga natatanging ekspresyon, idyoma at simbolismo na sumasalamin sa kanilang mga tradisyon at kasaysayan. Kapag nawala ang wikang ito, kasabay ring naglalaho ang mga kasanayan at kaisipan na nag-uugnay sa kanilang panlipunang identidad kaya't maaaring humina ang ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad lalo na kung ang mga nakababatang henerasyon ay hindi na pamilyar sa wika ng kanilang mga ninuno.

Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa balangkas ng Pierre Bourdieu (1991) hinggil sa wika bilang anyo ng symbolic capital. Sa pananaw ni Bourdieu, ang wika ay hindi lamang instrumento ng komunikasyon kundi isang yaman panlipunan na may kalakip na kapangyarihan, prestihiyo, at lehitimasyon sa loob ng isang linguistic market. Sa ganitong konteksto, ang halaga ng isang wika ay nakadepende sa estrukturang panlipunan kung saan ito ginagamit at sa pagkilala rito bilang lehitimong midyum ng komunikasyon.

Sentral sa balangkas na ito ang mga konsepto ng linguistic capital, symbolic power, linguistic market, at habitus. Ang linguistic capital ay tumutukoy sa kakayahang makagamit ng wikang may mataas na prestihiyo at kapakinabangan sa isang partikular na konteksto. Samantala, ang symbolic power ay ang kakayahan ng dominanteng wika na maipataw bilang "lehitimo" at kanais-nais sa lipunan. Ang habitus naman ay ang internalisadong disposisyon at pananaw na nahuhubog ng karanasan at sosyalisasyon, na nakaaapekto sa mga pagpili at gawi ng indibidwal, kabilang ang pagpili ng wika.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, maaaring ituring na may mas mataas na simbolikong halaga ang Hiligaynon sa ilang institusyonal at panlipunang larangan sa Lebak, Sultan Kudarat, kumpara sa Kinaray-a. Dahil dito, ang pag-aangkop o paglipat sa Hiligaynon ay maaaring maunawaan bilang isang estratehikong tugon ng mga tagapagsalita sa umiiral na distribusyon ng simbolikong kapangyarihan sa kanilang linguistic market. Ang kanilang mga pagpili sa wika ay hindi simpleng resulta ng language contact kundi produkto ng habitus na nahubog ng migrasyon, interaksyon, at institusyonal na impluwensiya.

Sa kabuuan, ipinapakita ng balangkas ni Bourdieu na ang pagbabago ng linggwistikong identidad ay isang sosyo-politikal na proseso na nakaangkla sa estruktura ng kapangyarihan at prestihiyo sa lipunan. Sa gayon, ang pag-unawa sa linggwistikong identidad ng mga Kinaray-a ay nangangailangan ng pagsusuri hindi lamang sa antas ng indibidwal na pagpili kundi sa mas malawak na estrukturang panlipunan na humuhubog dito.

Paglalalahad ng Suliranin

Ang patuloy na dominasyon ng mga mas prestihiyosong wika sa mga multilingguwal na komunidad ay nagdudulot ng unti-unting pagbabago sa linggwistikong identidad ng mga tagapagsalita ng mga wikang minorya. Sa konteksto ng Lebak, Sultan Kudarat, ang mga tagapagsalita ng wikang Kinaray-a ay nakararanas ng paglipat mula sa kanilang katutubong wika patungo sa Hiligaynon at iba pang dominanteng wika bilang bunga ng sosyo-kultural na interaksyon, migrasyon, at institusyonal na presyur. Bagama't may mga pananaliksik na tumalakay sa language shift at linggwistikong identidad sa iba't ibang konteksto, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na masusing sumusuri sa mga sosyo-kultural na salik ng pagbabagong ito at sa epekto nito sa pakikipagkapwa-tao ng mga Karay-a sa Mindanao. Ang kakulangan ng empirikal na pag-aaral sa lokal na antas ay naglilimita sa mas malalim na pag-unawa sa lawak at implikasyon ng nasabing pagbabagong linggwistikong, partikular sa ugnayan ng wika, identidad, at panlipunang interaksyon. Dahil dito, may malinaw na pangangailangan na siyasatin ang mga salik at epekto ng



pagbabago ng linggwistikong identidad ng mga Karay-a upang makapagbigay ng batayang kaalaman na maaaring magsilbing gabay sa mga programang pang-edukasyon at pangkomunidad na naglalayong mapanatili at mapalakas ang kanilang katutubong wika.

Layunin ng Pananaliksik

Pangkalahatang Layunin

Tukuyin at suriin ang mga sosyo-kultural na salik na nagdudulot ng pagbabago sa linggwistikong identidad ng mga tagapagsalita ng Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat, at alamin kung paano nakaaapekto ang mga pagbabagong ito sa kanilang pakikipagkapwa-tao at ugnayan sa komunidad.

Tiyak na mga Layunin

1. Tukuyin ang mga sosyo-kultural na salik na nagdudulot ng pagbabago sa linggwistikong identidad ng mga Karay-a sa Lebak, Sultan Kudarat.
2. Suriin kung paano nakaaapekto ang pagbabago ng linggwistikong identidad sa pakikipagkapwa-tao at ugnayan sa komunidad ng mga Karay-a.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Ano-ano ang mga sosyo-kultural na salik na nagdudulot ng pagbabago sa linggwistikong identidad ng mga Karay-a sa Lebak, Sultan Kudarat?
2. Paano nakaaapekto ang pagbabago ng linggwistikong identidad sa pakikipagkapwa-tao at ugnayan sa komunidad ng mga Karay-a?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng qualitative research design upang masusing maunawaan ang mga salik na nagdudulot ng pagbabago sa linggwistikong identidad ng mga Karay-a sa Lebak, Sultan Kudarat at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang pakikipagkapwa-tao. Ang qualitative na disenyo ay nakatuon sa pag-unawa sa mga karanasan, pananaw, at damdamin ng mga kalahok. Ang ganitong disenyo ay angkop para sa layunin ng pag-aaral dahil nagbibigay-diin ito sa mas malalim na pagsusuri ng mga karanasan ng mga kalahok sa konteksto ng kanilang linggwistikong pagkakakilanlan (Creswell, 2023).

Partikular na ginamit sa pag-aaral na ito ang descriptive qualitative design, na layuning mailarawan nang malinaw at tumpak ang mga karanasan ng mga kalahok nang hindi binabago o pinipilit bigyang-interpretasyon ang kanilang mga pananaw. Angkop ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat layunin nitong ipakita ang aktuwal na anyo at dinamika ng pagbabago ng linggwistikong identidad ng mga Karay-a sa pamamagitan ng makabuluhang paglalarawan kaysa sa estadistikal na pagsusuri.

Populasyon at Sampol

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral na naglalayong maunawaan nang malalim ang mga salik na nagdudulot ng pagbabago sa linggwistikong identidad ng mga Karay-a sa Lebak, Sultan Kudarat. Siyam (9) na kalahok ang napili para sa pag-aaral. Ang bilang na ito ay itinuturing na sapat sa kwalitatibong disenyo dahil ang layunin ay makamit ang lalim ng datos at thematic saturation, kung saan ang mga karagdagang panayam ay hindi na nagdadagdag ng bagong impormasyon o pananaw (Creswell, 2023; Braun & Clarke, 2013). Sa ganitong paraan, ang maliit ngunit purposibong napiling sample ay nagbibigay-daan sa mas masusing pagsusuri ng karanasan at pananaw ng mga kalahok, sa halip na estadistikal na generalisasyon.

Sampling Technique. Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay may direktang kaugnayan at kontribusyon sa pag-unawa ng mga salik na nagdudulot ng pagbabago sa linggwistikong identidad ng mga Karay-a sa Lebak, Sultan Kudarat. Ang pamamaraang ito ay nagbibigay-diin sa maingat na pagpili ng mga kalahok batay sa kanilang kaalaman, karanasan, at aktibong pakikilahok sa komunidad.

Kalahok ng Pag-aaral. Ang siyam (9) na kalahok ay pinili batay sa mga sumusunod na pamantayan: Una, ang kalahok ay kinakailangan na isang katutubong Karay-a. Pangalawa, may kaalaman sa kasaysayan at tradisyon ng wikang Kinaray-a. Pangatlo, nakaranas ng mga pagbabago sa kanilang linggwistikong identidad dahil sa sosyo-



kultural na impluwensya. Panghuli, handang magbahagi ng kanilang mga pananaw at karanasan ukol sa paksa ng pananaliksik.

Mga Ginamit na Instrumento sa Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng isang validated semi-structured interview questionnaire na siya mismong binuo batay sa layunin ng pag-aaral. Ang gabay sa panayam ay inangkop ayon sa bawat grupo ng kalahok (mga mag-aaral sa kolehiyo, mga propesyunal, at mga taal na Karay-a) upang masaklaw ang kanilang natatanging karanasan at pananaw.

Nakatuon ang mga tanong sa kanilang mga personal na karanasan hinggil sa paggamit ng wikang Kinaray-a, sa mga pagbabagong naganap sa kanilang linggwistikong identidad, at sa mga sosyo-kultural na impluwensyang nakaapekto sa kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling wika. Layunin ng mga tanong na makuha ang malalim na naratibo ng mga kalahok at masuri ang mga diskursibong prosesong may kaugnayan sa pagbabago ng identidad.

Ang semi-structured interview questionnaire ay isinailalim sa validation ng apat (4) eksperto na dalubhasa sa larangan ng wika at linggwistika, mga mananaliksik at propesor sa wika ng Holy Trinity College at may malawak na karanasan sa kwalitatibong metodolohiya ng pananaliksik. Pinagtibay ng mga eksperto ang kaangkupan, kalinawan, at kaugnayan ng mga tanong sa layunin ng pag-aaral.

Pagkalap ng Datos

Sa pangangalap ng datos, ginamit ang panayam bilang pangunahing pamamaraan upang makuha ang malalim na pananaw at karanasan ng mga kalahok kaugnay ng kanilang linggwistikong identidad. Ang bawat panayam ay binubuo ng labindalawang (12) katanungan na nakatuon sa kanilang karanasan, pananaw, at interpretasyon hinggil sa paggamit at pagkakakilanlan sa wika. Ang panayam ay tumagal nang humigit-kumulang animnapung (60) minuto.

Isinagawa ang mga panayam sa lokal na komunidad o sa pamamagitan ng online platform, depende sa kaginhawahan at kakayahan ng mga kalahok. Gumamit ng audio recording upang matiyak ang kumpletong dokumentasyon ng mga sagot. Matapos ang panayam, isinagawa ang transcription ng mga naitalang datos upang maisalin ang mga ito sa tekstuwal na anyo para sa mas sistematikong pagsusuri. Upang matiyak ang katumpakan at kredibilidad ng datos, isinagawa ang member checking matapos ang transcription.

Pagsusuri ng Datos

Ang datos mula sa Semi-Structured Interviews ay sinuri gamit ang Thematic Analysis batay sa disenyo ni Colaizzi (Praveena, 2022). Ang prosesong ito ay sumusunod sa pitong hakbang:

1. Familiarization – Binasa at rereview ang lahat ng transkripsyon sa Kinaray-a at Filipino upang lubos na maunawaan ang nilalaman at konteksto ng mga sagot ng kalahok.
2. Extracting Significant Statements – Tinukoy ang mga pahayag na direktang may kaugnayan sa karanasan ng mga kalahok sa paggamit at paglipat ng wika, kabilang ang adaptasyon sa Hiligaynon at iba pang dominanteng wika.
3. Formulating Meanings – Ang bawat makabuluhang pahayag ay ininterpret upang mabuo ang kahulugan batay sa karanasan ng kalahok. Halimbawa, ang paggamit ng Hiligaynon sa paaralan ay na-interpret bilang adaptasyon sa dominanteng wika.
4. Clustering Themes – Ang mga kahulugang nabuo ay pinangkat sa tematikong kategorya tulad ng linguistic devaluation, unintentional linguistic merge, at cultural dislocation, na nagpakita ng pattern sa pagbabago ng linggwistikong identidad.
5. Developing Exhaustive Descriptions – Pinag-ugnay ang mga tema upang makabuo ng komprehensibong paglalarawan ng phenomenon, partikular sa interaksyon ng wika, prestihiyo, at kapangyarihan sa komunidad.
6. Producing Fundamental Structure – Nabuo ang pinakapayak ngunit buo at sistematikong estruktura ng datos, na nagpapakita ng pangunahing dahilan sa likod ng linggwistikong pagbabago ng mga Kinaray-a.
7. Validating Findings – Isinagawa ang member checking sa piling kalahok upang tiyakin ang katumpakan ng interpretasyon. Pinanatili rin ang rigor sa pamamagitan ng prinsipyo ng trustworthiness, kabilang ang credibility, transferability, dependability, at confirmability.

**Mga Pagsasaalang-alang sa Etika**

Tiniyak ng mananaliksik ang pagsunod sa lahat ng ethical considerations ng Holy Trinity College bago at habang isinasagawa ang pag-aaral. Humiling ng opisyal na Liham ng Pahintulot mula sa Opisina ng Graduate School, na ginamit sa paghingi ng pahintulot mula sa mga lokal na opisyal at lider ng komunidad sa Lebak, Sultan Kudarat, kabilang ang Alkalde at Kapitan ng Barangay.

Sa Informed Consent, malinaw na ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, proseso, at inaasahang resulta ng pag-aaral at binigyan sila ng pagkakataong magtanong bago magbigay ng kusang pahintulot. Nanatiling kumpidensyal ang lahat ng impormasyong nakalap alinsunod sa Data Privacy Act of 2012 (RA 10173), at tanging ang mananaliksik lamang ang may access sa mga datos. Boluntaryo rin ang kanilang pakikilahok at maaari silang umatras anumang oras nang walang anumang negatibong epekto.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Binubuo ang bahaging ito ng pagsusuri sa datos mula sa siyam (9) na kalahok; tatlong mag-aaral, tatlong propesyunal at tatlong taal na Karay-a sa Lebak, Sultan Kudarat na kumakatawan sa iba't ibang sektor ng lipunan. Gamit ang tematikong pagsusuri, sinuri ang kanilang karanasan at pananaw ukol sa lingguwistikong identidad sa gitna ng sosyo-ekonomikong at kultural na pagbabago. Tinalakay rito ang epekto ng migrasyon, edukasyon, ekonomikong pangangailangan at interaksyon sa mas dominanteng wika tulad ng Hiligaynon, Filipino at ilan pang nangingibabaw na wika sa Lebak, Sultan Kudarat sa paggamit ng Kinaray-a. Layunin ng bahaging ito na ilahad ang mga salik na nakaaapekto sa pagbabago ng wika at ang implikasyon nito sa patuloy na pag-iral ng Kinaray-a.

1. Mga Salik na Nagdudulot sa Pagbabago ng Lingguwistikong Identidad ng mga Karay-a**Themes***Linguistic Devaluation**Unintentional Linguistic Merge**Cultural Dislocation***1.1 Linguistic Devaluation**

Ang linguistic devaluation o pagbaba ng halaga o prestihiyo ng isang wika sa lipunan ay isang anyo ng sosyolingguwistikong marginalisasyon kung saan ang isang wika at ang mga tagapagsalita nito ay binibigyan ng mababang halaga, prestihiyo at katayuan sa lipunang pinaghaharian ng mas dominanteng wika. Sa pag-aaral na isinagawa sa Lebak, Sultan Kudarat, malinaw na lumitaw ang linguistic devaluation ng wikang Kinaray-a sa gitna ng dominasyon ng Hiligaynon, Filipino at Ingles. Ang nasabing devaluation ay makikita hindi lamang sa pampublikong diskurso kundi pati na rin sa personal na karanasan ng mga kalahok.

Ayon sa isang kalahok,

“Tama! Natatakot sila na makilala bilang Antiqueno. Ayaw nilang ma-identify sa tribu natin. Sa mata ng iba, mas mataas ang tingin sa Ilonggo dahil ang Hiligaynon ang mas kilalang wika” (PK2).


Ipinapakita ng pahayag na ito na ang mababang tingin sa Kinaray-a ay bunga ng ideolohiyang pangwika na kumikiling sa mas prestihiyosong wika bilang simbolo ng tagumpay at pagiging “sibilisado.” Pinapalakas nito ang argumento ni Bourdieu (1991) tungkol sa linguistic capital, na nagsasabing mas pinahahalagahan ang mga wikang may gamit sa mga institusyong may kapangyarihan tulad ng edukasyon, media, at negosyo.

Sa mas malalim na pagsusuri, ang linguistic devaluation ay naglalarawan ng istruktural na hadlang sa pagpapanatili ng Kinaray-a bilang wikang pangkomunidad. Kapag ang mga tagapagsalita ay internalisado ang ideolohiyang ito at mas pinipili ang dominanteng wika sa social at educational contexts, nabawasan ang intergenerational transmission ng Kinaray-a. Ito ay may malinaw na implikasyon sa survival ng wika, dahil ang paglipat ng prestihiyo ay humahantong sa unti-unting pagkawala ng lokal na lingguwistikong identidad

1.1.1. Diskriminasyon sa Wika.

Isa sa pinakamatingkad na salik sa pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat ay ang diskriminasyon sa wika. Ang internalized linguistic stigma ay nagtutulak sa ilan na umiwas sa paggamit ng Kinaray-a upang makaiwas sa paghamak at panlipunang pagbansag.

Ayon kay MK2,



“kapag narinig nilang nag-Kinaray-a ka, tatawagin kang Marigni... Kaya minsan, iniwasan ko na lang gamitin ang wika natin. Nakakahiya” (MK2).

Ipinapakita ng pahayag na ito, na sinusuportahan din nina PK3 at PK2, na ang tawag na “Marigni” ay nagiging simbolo ng panlipunang pagbubukod, kung saan ang wika ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi marka rin ng kapangyarihan, sosyal na uri, at dignidad. Ang mga tagapagsalita ay nag-uugnay sa ganitong tawag sa pagiging “walang pinag-aralan” o “lugpu” (pinakamababa), na nagpapakita ng malalim na epekto ng diskriminasyon sa kanilang sariling pagkakakilanlan, tulad ng binigyang-diin ni PK1.

Sa mas malalim na pagsusuri, ang diskriminasyong ito ay nagpapakita ng istruktural at kultural na pwersa na nagtutulak sa language shift, dahil ang mga kalahok ay naiinternalisa ang stigma at pinipiling umiwas sa Kinaray-a sa social interactions. Ang ganitong pattern ay may malinaw na implikasyon sa survival o pakikipaglaban ng wikang Kinaray-a, dahil ang internalized discrimination o diskriminasyon sa loob mismo ng pamayanan ay humahadlang sa intergenerational transmission at nagpapatibay sa dominance ng Hiligaynon o Filipino.

1.1.2 Kakulangan ng Representasyon sa Institusyon at Midya

Ang kakulangan ng representasyon ng wikang Kinaray-a sa mga institusyong panlipunan at midya ay isang istruktural na salik na nagpapalalim sa pagmamaliit sa wika at identidad ng mga tagapagsalita nito. Bagama’t umiiral ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), nananatiling limitado at hindi konsistent ang implementasyon nito sa lokal na konteksto.

Ipinapakita ito sa pahayag ni PK2:

“Mas nabibigyang pansin pa sila sa telebisyon... Tayo? Wala! Hindi man lang tayo nakikita sa media!” (PK2)

Sa larangan naman ng edukasyon, binanggit ni MK3 na sa paaralan ay Bisaya, Tagalog, o English ang ginagamit, kaya “parang nawawala na ang Kinaray-a” (Linya 49–51). Dagdag pa rito, inilahad ni MK2 na napilitan siyang matuto ng Bisaya upang makipag-ugnayan sa Gensan sapagkat mahirap gamitin ang Kinaray-a sa dominanteng linguistic environment (Linya 23–25). Ipinapakita ng mga pahayag na ito na kapag hindi kinikilala at ginagamit ang wika sa mga makapangyarihang espasyo tulad ng media at paaralan, unti-unti itong naitataboy sa laylayan, at ang mga tagapagsalita ay napipilitang umangkop sa dominanteng wika upang mapanatili ang akses at partisipasyon sa lipunan.

1.2. Unintentional na Linguistic Merge

Ang unintentional linguistic merge o hindi sinasadyang pagsasanib o paghalo ng dalawang wika sa pang-araw-araw na gamit ay isang penomenon sa sosyolingguwistika kung saan ang dalawang o higit pang wika o baryabol ay kusang nagsasanib hindi bilang resulta ng sadyang polisiya o adbokasiya ng integrasyon, kundi bunga ng araw-araw na interaksyon, migrasyon at sosyal na presyur sa isang multilinggwal na lipunan. Sa konteksto ng mga Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat, ang ganitong hindi sinasadyang pagsasanib ng wika ay lumilitaw bilang by-product ng patuloy na pag-angkop sa dominanteng lingguwistikong kapaligiran kung saan ang Hiligaynon, Cebuano, Filipino at maging Ingles ay mas malimit gamitin sa edukasyon, trabaho, midya at teknolohikal na plataporma.

Ipinahayag ng ilang kalahok na sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon, hindi na nila namamalayan na ang kanilang pagsasalita ng Kinaray-a ay may halo nang mga leksikal at sintaktik na elemento mula sa ibang wika:

“Kahit kami, nahahaluan na rin ng Cebuano. Marami na tayong ginagamit na salitang Cebuano. Minsan, hindi na natin alam kung ano ang tamang salitang Antiqueno para sa isang bagay.” (KK1)

Ang ganitong penomenon ay tinatawag na contact-induced convergence, kung saan ang structural simplification, lexical borrowing, at code-blending ay unti-unting bumubura sa mga distinktibong katangian ng isang wika. Hindi ito resulta ng sadyang pag-abandona sa katutubong wika kundi ng linguistic accommodation o ang likas na pagkiling ng mga tagapagsalita na gamitin ang mas naiintindihan ng mas nakararami upang mapadali ang komunikasyon.

1.2.1. Pag-usbong ng Bilinguwalismo Sanhi ng Pag-aasawa



Ang pag-usbong ng bilinguwalismo sanhi ng pag-aasawa sa konteksto ng mga Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat ay isang manipistasyon ng patuloy na pagbabago ng kanilang lingguwistikong identidad dahil sa migrasyon, urbanisasyon, at dominasyon ng iba pang wika tulad ng Hiligaynon at Filipino. Ayon kay Dumanig (2020), ang ganitong uri ng hybridization ay isang estratehiya upang mapanatili ang koneksyon sa parehong tradisyunal na kultura at sa mas malawak na sosyo-lingguwistikong kapaligiran. Sa panayam, inilahad ng ilang kalahok kung paano nagbabago ang kanilang wika sa pang-araw-araw na paggamit:

“Totoo. Kasi sa kanila, halo-halo na ang wika—may Kinaray-a, may Ilonggo, may Cebuano pa! Kaya isipin mo na lang, kahit ang mga purong Antiqueno, hindi na puro sa pagsasalita nila.” (KK3)

Sa ganitong konteksto, malinaw na ang pagbabago ng wika ay hindi simpleng pagkatuto ng ibang wika kundi isang malalim na repleksyon ng adaptasyon, pakikibagay, at ang patuloy na paghubog ng identidad ng Kinaray-a sa harap ng lumalaking sosyo-kultural at lingguwistikong impluwensya.

1.2.2. Eksposur sa Multilinguwal na Komunidad.

Ang eksposur sa multilinguwal na komunidad ay isang dinamiko at pang-araw-araw na karanasan ng mga indibidwal na namumuhay sa isang lipunang may masidhing pagkakaiba-iba ng wika. Sa konteksto ng mga kalahok mula sa Lebak, Sultan Kudarat, malinaw na ang multilinguwal na eksposur ay humuhubog hindi lamang sa kanilang kakayahan sa pakikipag-usap kundi pati na rin sa kanilang lingguwistikong pag-iisip at panlipunang interaksyon.

Ipinahayag ng ilang kalahok ang likas na pangyayaring kailangan nilang makisabay sa maraming uri ng wika sa kanilang paligid:

“May Ilonggo, may Cebuano, may Tagalog. Kaya minsan kahit saan ka mapunta, marunong ka nang makibagay.” (PK2)

Ang karanasang ito ay nagpapahiwatig na ang multilinguwal na komunidad ay hindi lamang lugar ng wika kundi larangan ng patuloy na pag-angkop. Ang pag-unawa at paggamit ng iba't ibang wika ay postura ng praktikal na kaligtasan at pakikisama.

1.3. Cultural Dislocation

Ang cultural dislocation o pagkawala o pagbabago ng kaugalian at kultural na ugnayan ay isang sosyo-lingguwistikong salik kung saan ang isang minoryang etnolingguwistikong grupo ay unti-unting nahihwalay mula sa kanilang sariling wika, tradisyon, at kolektibong identidad bunga ng sistematikong dominasyon ng isang makapangyarihang kultura. Ayon kay Tupas (2022), ito ay bunga ng institusyonalisadong linguistic hegemony na pangunahing isinasakatuparan sa pamamagitan ng language policies, mass education at public communication systems na pumapabor sa dominanteng wika gaya ng Hiligaynon, Filipino at Ingles sa Pilipinas.

Sa ganitong kalagayan, ang wikang tulad ng Kinaray-a na may mababang presensiya sa edukasyon, media at opisyal na komunikasyon ay nawawalan ng functional space. Ang pagkawala ng institutional utility ng isang wika ay isang pangunahing salik sa language shift at cultural detachment, ayon kina Martin (2020). Kapag hindi na ginagamit ang isang wika sa mga pormal na larangan gaya ng edukasyon at pamahalaan, ito ay hindi lamang nawawala sa praktis kundi sinasadyang ma-marginalisa sa kolektibong kamalayan.

Makikita ang konkretong manipistasyon nito sa pahayag ni MK1:

“Mas madali para sa akin ang gumamit ng Hiligaynon kasi mas sanay ako rito. At sa totoo lang, mas gusto rin ng mga kausap ko na Hiligaynon ang gamitin ko kaysa Kinaray-a... Para bang kung pipilitin ko pang gamitin ang Kinaray-a, nagkakaroon ng distansya sa usapan—mas nagiging kumplikado, mas nagiging hadlang ito kaysa tulay sa komunikasyon.” (MK1)

Sa ganitong pananaw, malinaw na ang cultural dislocation ay hindi lamang simpleng pagbabago sa wika kundi isang proseso ng unti-unting pagkawala ng kolektibong identidad, na naglilimita sa kakayahan ng Kinaray-a na mapanatili ang kanilang kultura at panlipunang presensiya sa loob ng mas malawak at dominadong lingguwistikong kapaligiran.

1.3.1. Hegemony ng Hiligaynon sa Lipunan.



Ang hegemonya ng Hiligaynon sa lipunang Kinaray-a ay hindi lamang isang isyung lingguwistiko kundi isang mas malalim na usaping panlipunan na nakaugat sa mga estrukturang historikal at institusyunal. Ang tinatawag na linguistic overshadowing ng Hiligaynon ay hindi laging lantad o hayagan, ngunit ito ay sistematikong nagpapatuloy sa pamamagitan ng edukasyon, media, relihiyon, at mismong mga panlipunang interaksyon na nagpapalakas sa symbolic capital ng dominanteng wika. (Bravo-Sotelo et al., 2024)

Sa ganitong pananaw, ang Hiligaynon ay hindi na lamang isang alternatibong lingguwahe sa rehiyon kundi isang linguistic gatekeeper sa mga oportunidad at pagkilalang panlipunan.

Isinalaysay ni PK2:

“Tama! Natatakot sila na makilala bilang Antiqueno... Mas mataas ang tingin sa Ilonggo dahil ang Hiligaynon ang mas kilalang wika.” (PK2)

Ang pahayag na ito ay sumasalamin sa umiiral na linguistic hierarchy kung saan ang Hiligaynon ay umaangat hindi lamang bilang lingua franca kundi bilang isang marker ng edukasyon, urbanidad, at pagiging “kabilang” sa mas malawak na diskurso ng modernidad.

1.3.2. Kinukutya bilang “Marigni” ang mga nagsasalita ng Kinaray-a.

Isa sa mga pinakamatingkad na manipestasyon ng stigma ay ang pagkukutya sa mga nagsasalita ng Kinaray-a bilang “Marigni”, ito ay isang salitang puno ng panghahamak na tumutukoy hindi lamang sa pagiging “tagabukid” kundi sa pagiging mababa, marumi at ignorante. Ang takot sa diskriminasyon ay isang mahalagang salik sa patuloy na pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat, partikular ang takot na matawag na Marigni. Ayon kay Piller (2020), ang linguistic discrimination ay may malalim na epekto sa self-perception at social mobility ng mga indibidwal, na nagtutulak sa kanila na itakwil ang kanilang katutubong wika upang maiwasan ang panghuhusga at marginalisasyon.

Sa mga panayam, ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang personal na karanasan sa diskriminasyon batay sa kanilang lingguwistikong identidad:

“Ako, oo. Noong nag-aaral ako ng dressmaking, may kaklase akong nagtanong sa akin, 'Ano ang tribu mo?' Sabi ko, 'Antiqueno.' Sabi niya sa akin, 'Ah kaya pala kulot ang buhok mo!' Ang sagot ko naman, 'Hoy! Akala mo ba Aeta ako? Hindi mo ba nakikita ang tangkad ko?' Hahaha!... Common sense naman, hindi porket kulot ang buhok mo, ibig sabihin Aeta ka na agad!” (KK1)

Ang ganitong uri ng panghuhusga ay hindi limitado sa pisikal na anyo kundi pati na rin sa kakayahang magbasa at sumabay sa dominanteng wika ng iba.

2. Epekto ng Pagbabago ng Lingguwistikong Identidad ng mga Karay-a sa Kanilang Pakikipagkapwatao at Ugnayan sa Komunidad

Themes

*Paglipat ng Linguistic Capital
Pagbabago ng Linguistic Habitus*

2.1. Paglipat ng Lingguwistikong Kapital

Ayon kay Pierre Bourdieu (1977), ang wika ay higit pa sa kasangkapan ng komunikasyon; ito ay isang anyo ng symbolic capital na nagbibigay ng panlipunang kapangyarihan depende sa pagkilala at paggamit nito sa iba't ibang larangan tulad ng edukasyon, politika, at media. Sa konteksto ng Kinaray-a, ang hindi pantay na pagtrato sa wika ay nagbubunga ng symbolic violence, kung saan ang mga tagapagsalita ay naiinternalisa ang paniniwalang “hindi sapat” o “hindi propesyonal” ang kanilang wika.

Dahil dito, nagkakaroon ng paglayo ng kabataan hindi lamang sa wika kundi pati sa komunidad na kumakatawan dito, na nagreresulta sa tinatawag na invisible divide o di-nakikitang agwat sa pagitan ng “linguistically assimilated” na kabataan at mas tradisyonal na tagapagsalita. Ang Kinaray-a, na dating daluyan ng pakikiisa at pagkakakilanlan, ay nagiging palatandaan ng agwat sa henerasyon, edukasyon, at panlipunang pagkakakilanlan, na nagdudulot ng unti-unting erosion ng kolektibong karanasan, kasaysayan, at etnolingguwistikong identidad ng mga Karay-a.

Ang masusing pagsusuri sa penomenong ito ay nagpapakita ng malinaw na implikasyon para sa survival ng Kinaray-a. Ang internalized symbolic violence at generational divide ay humahadlang sa pagpapanatili ng wika sa



usunod na henerasyon, na direktang kaugnay sa paano naaapektuhan ng social, cultural, at symbolic structures ang linggwistikong identidad at intergenerational transmission ng Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat.

2.1.1 Pagtaas ng oportunidad sa lipunan.

Batay sa datos, dalawa sa tatlong propesyonal na Karay-a ang nag-ulat na mas malaki ang oportunidad nila sa trabaho at kalakalan kapag mas bihasa sila sa Hiligaynon, Filipino, o Ingles. Ang wika, kung gayon, ay nagsisilbing linguistic capital na maaaring ipalit o idagdag upang makuha ang social at economic advantage.

Sa panayam, tinanong ng mananaliksik ang kalahok kung may pagkakataon ba na nagpapalit sila ng wika at kung naging resulta nito ay mas dumarami ang bumibili sa kanila. Tumugon si PK1:

"Oo! Kahit alam mong Antiqueno sila, nagtitinda sila sa palengke, nag-Ilonggo na rin! Kilala ko 'yung isa, kilala mo rin, alam mong Antiqueno, pero... hayun, nag-Ilonggo!" (PK1)

Ipinapakita ng pahayag na kahit sa lokal na antas tulad ng palengke, nagiging praktikal na puhunan ang paggamit ng mas dominanteng wika. Ang nagpapalit ng Kinaray-a tungo sa Hiligaynon ay hindi lamang simpleng pakikisama kundi isang estratehiya upang makaangkop sa sistemang pang-ekonomiko at mas makaakit ng mamimili. Sa gayon, malinaw na makikita ang paglipat ng linguistic capital bilang kondisyon ng pag-angat, pagtanggap, at survival sa lokal na pamilihan.

2.1.2. Pagtanggap ng Lipunan.

Batay sa mga karanasan ng mga kalahok, malinaw na ang pagtanggap ng lipunan ay nakasalalay sa kanilang kakayahang magpalit ng wika. Ang pag-shift mula Kinaray-a tungo sa Hiligaynon, Filipino, o Ingles ay nakikita bilang isang mahalagang puhunan; ang linguistic capital na nagbibigay-daan upang magkaroon ng mas madaling pakikisama, akses sa oportunidad, at kredibilidad sa mas malawak na lipunan.

Ayon kay MK1:

"Mas madali para sa akin ang gumamit ng Hiligaynon... mas mabilis akong nakikisama, mas mabilis akong nakakaintindi, at hindi ako natatakot na baka pagtawanan." (MK1)

Ipinapakita nito na ang mismong akto ng pag-shift ng linguistic identity ay nagiging susi upang makamit ang pagtanggap. Ang paggamit ng Hiligaynon, na may mas mataas na prestihiyo kumpara sa Kinaray-a, ay nagiging paraan ng pag-angkop at pag-iwas sa diskriminasyon. Kapag hindi ginagamit ang Kinaray-a, mas nagiging madali ang integrasyon at mas kaunti ang panganib na pagtawanan o ma-exclude.

2.2. Pagbabago ng Linguistic Habitus

Ayon sa pananaliksik, unti-unting nagbabago ang linguistic habitus o internalized language practices ng mga Karay-a dahil sa impluwensya ng Hiligaynon, Filipino, Cebuano, at Ingles bilang dominanteng wika sa edukasyon, trabaho, at iba pang institusyon. Mas pinipili ng kabataan ang mga wikang ito, na nagreresulta sa pagbabago ng kanilang pakikipagkapwa-tao at paghina ng dating interpersonal na ugnayan sa Kinaray-a. Ang generational divide ay lumalalim habang humihina ang transmisyon ng kultural at lingguwistikong kaalaman, at nagkakaroon ng paglayo mula sa lokal na pamantayan ng pakikibahagi sa komunidad. Sa lente ng theory of practice ni Bourdieu (1991), ang linguistic habitus ng mga kabataang Karay-a ay muling isinaayos bilang tugon sa sosyal na istruktura kung saan ang Kinaray-a ay hindi na itinuturing na wika ng kapangyarihan, kaalaman, o oportunidad.

2.2.1. Pagkakaroon ng Linguistic Hybridization upang makapagsalamuha sa iba.

Isa sa mga pangunahing obserbasyon ay ang paglitaw ng linguistic hybridization bilang isang strategic adaptation sa mga heterogenous na linguistic field. Ang mga kabataan ay hindi lamang simpleng lumilihis mula sa Kinaray-a, kundi aktibong bumubuo ng hybrid linguistic repertoire na kumakatawan sa kanilang posisyonality sa loob ng mga larangang kanilang ginagalawan.

Sa antas ng pakikipagkapwa-tao, ang ganitong hybrid na gamit ng wika ay lumilikha ng mas inklusibong paraan ng komunikasyon. Pinadadali nito ang interaksyon sa mga taong may iba't ibang lingguwistikong background, gaya ng karanasan ni MK2 sa General Santos City kung saan kinakailangang matutunan ang Bisaya upang makisabay sa dominanteng lingguwistikong agos ng lugar. Halimbawa, ang pahayag ni MK2 ay nagpapahiwatig ng functional multilingualism na umaangkop sa kontekstong multisemiotic ng General Santos City:



“Napilitan akong matuto ng Bisaya kasi mahirap makipag-usap sa mga tao dito kung Kinaray-a o Ilonggo ang gagamitin ko.” (MK2)

Ang functional multilingualism ay nagiging paraan upang maipakita ang pagiging adaptable ng isang indibidwal at ang kanyang kakayahang makisama sa mas malawak na lipunang dating likas na pakikipagkapwa-tao ng mga Karay-a ay mapalitan ng transaksyunal na anyo ng pakikipagkapwa-tao.

2.2.2. Pagkakaroon ng dualidad sa pakikipag-kapwa.

Ang pangalawang tampok ng pagbabagong habitus ay ang paglitaw ng intergenerational duality sa pakikipagkapwa. Ang linguistic duality sa pagitan ng matatanda at kabataan ay hindi lamang simpleng pagkakaiba ng bokabularyo o grammar kundi isang sistematikong pagkawatak ng relational habitus na dati ay pinatatag ng kolektibong paggamit ng Kinaray-a. Ayon sa mga resulta ng pag-aaral, lima sa anim na mga nakatatandang kalahok ang nagsabing nakararanas sila ng paghihirap sa pakikipag-ugnayan sa mas batang henerasyon dahil sa kakulangan ng kaalaman ng mga kabataan sa Kinaray-a. Batay sa pahayag ni PK1, may malinaw na paghihiwalay sa relational dynamics sa pagitan ng matatanda at kabataan, dulot ng pagbabago sa lingguwistikong praktis:

“Hindi na, iba na talaga ngayon. Hindi na katulad dati. Parang wala na silang pakialam.” (PK1)

Dagdag pa ni PK1:

“Oo, ganyan na nga! Minsan hindi mo na maintindihan ang sinasabi ng mga bata ngayon. Kahit si Allon, minsan sinasabi niya, “Ano na ‘yan, hindi ko na maintindihan ang mga tao.” (PK1)

Ipinapahiwatig ng mga linyang ito ang functional gap sa pakikipagkapwa, kung saan nahihirapan na ang matatanda na makipag-ugnayan sa kabataan. Hindi direktang sinabi na may pagkasira ng relasyon, ngunit malinaw na may nararanasang communication breakdown sa araw-araw na interaksyon, dulot ng hindi na pagkakapareho sa wikang ginagamit.

Kongklusyon

Batay sa isinagawang pag-aaral, lumilitaw na ang pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat ay bunga ng magkakaugnay na salik na sistematikong humihina sa presensya ng wika sa pang-araw-araw na buhay ng komunidad. Isa sa mga pangunahing salik ay ang impluwensiya ng mas dominanteng wika tulad ng Hiligaynon at Filipino. Sa edukasyon, media, at pormal na transaksyon sa lipunan, mas kinikilala at ginagamit ang Hiligaynon at Filipino, kaya’t napipilitan ang mga Kinaray-a na iangkop ang kanilang sarili upang hindi mapag-iwanan o maitanggi sa mas malawak na lipunan. Kasabay nito, ang stigma at hiya na iniuugnay sa paggamit ng Kinaray-a ay nagiging sanhi ng pagtanggì sa sariling wika, lalo na sa mga kabataan, at maging ang ilang magulang ay umiwas na itong ituro sa kanilang anak. Ang ganitong kalagayan ay nagbubunsod ng unti-unting pagkawala ng lingguwistikong kapital ng Kinaray-a at nagpapahiwatig ng potensyal na banta sa pagpapanatili ng wika sa komunidad.

Kaugnay nito, ang pagbabagong ito ay direktang nakaaapekto sa ugnayan ng mga Kinaray-a sa kanilang kapwa at sa komunidad. Lumalalim ang social divide sa pagitan ng mga nakatatanda at kabataan, gayundin sa pagitan ng mga bihasa sa Kinaray-a at ng mas nakatuon sa Hiligaynon, na nagreresulta sa pagkabiya ng dating organikong komunikasyon sa loob ng pamilya at komunidad. Kahit may pagtatangka ang ilang matatanda na muling buhayin ang wika, ang kakulangan ng materyales, pedagogical support, at kultural na pagpapahalaga sa mga institusyon ay nagpapalalim sa kawalang-pag-asa. Dahil dito, ang pagbabago ng lingguwistikong identidad ng mga Kinaray-a ay hindi lamang usapin ng wika kundi ng kultura, pagkatao, at kolektibong kasaysayan. Ang pagpapanatili at pagpapalakas ng Kinaray-a ay mahalaga upang hindi mawala ang mayamang tradisyon, identidad, at ugnayan ng kanilang komunidad.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, maaaring magsagawa ng mga hakbang upang mapanatili at mapalakas ang paggamit ng wikang Kinaray-a sa Lebak, Sultan Kudarat. Maaaring isaalang-alang ng Department of Education at ng mga paaralang may malaking populasyon ng mga mag-aaral na Kinaray-a ang higit na integrasyon



ng wika sa mga gawaing pang-edukasyon, lalo na sa konteksto ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), gayundin sa mga aralin sa Filipino at Araling Panlipunan.

Maaari ring magsilbing batayan ang pag-aaral na ito para sa mga institusyong pang-akademiko upang magsagawa ng karagdagang pananaliksik hinggil sa pagbaba ng bilang ng mga tagapagsalita, pagbabago ng linggwistikong identidad, at impluwensiya ng mga dominanteng wika. Maaaring isaalang-alang ng mga lokal na institusyon at organisasyong pangkultura ang mga programang nagtataguyod sa paggamit ng Kinaray-a sa pampublikong diskurso, opisyal na komunikasyon, at media.

Maaari ring maipabatid ang resulta ng pag-aaral sa mga institusyong pang-edukasyon tulad ng Holy Trinity College of General Santos City upang magsilbing sanggunian sa mga akademikong diskurso at mga gawaing pangwika. Higit sa lahat, maaaring hikayatin ang komunidad na patuloy na gamitin ang Kinaray-a sa loob ng tahanan at sa pakikipag-ugnayan sa kapwa upang makatulong sa pagpapatuloy ng wika sa susunod na henerasyon.

MGA SANGGUNIAN

- Alasgarova, R., Rzaev, J., & Bakhtirov, M. (2024). Language attrition and cultural identity dynamics in international schools in Azerbaijan. *IAFOR Journal of Education*, 12(1). <https://doi.org/10.22492/ije.12.1.01>
- Alyami, N. A. (2023). Readings in language shift studies from the past to the present: Review article. *International Journal of Linguistics, Literature and Translation*, 6(3), 21-31. <https://doi.org/10.32996/ijllt>
- Bourdieu, P. (1977). L'économie des échanges linguistiques. *Langue française*, 34(1), 17-34. <https://doi.org/10.3406/lfr.1977.4815>
- Bourdieu, P. (1991). Language and symbolic power (J. B. Thompson, Ed.; G. Raymond & M. Adamson, Trans.). *Polity Press*.
- Braun, V., & Clarke, V. (2013). Successful qualitative research: A practical guide for beginners. *SAGE Publications*.
- Bravo-Sotelo, K. P., McLellan, J., & Haji-Othman, N. A. (2024). The ideological tug-of-war of language policies in the Philippines: Perspectives and proposal. *Asian Englishes*, 26(2), 564-578. <https://doi.org/10.1080/13488678.2023.2257946>
- Creswell, J.W. and Creswell, J.D. (2023) Research design: qualitative, quantitative and mixed methods approaches. *Sage Publications Ltd*.
- Dumanig, F. P. (2020). Hybrid language identity and communication strategies of multilingual speakers. *International Journal of Multilingualism*, 17(2), 125-140. <https://doi.org/10.1080/14790718.2020.1712938>
- Giles, H. (1973). Accommodation theory in sociolinguistics. *Language in Society*, 2(2), 177-192. <https://doi.org/10.1017/S0047404500000330>
- Kauhanen H. (2020). Replicator-mutator dynamics of linguistic convergence and divergence. *Royal Society open science*, 7(11), 201682. <https://doi.org/10.1098/rsos.201682>
- Martin, I. P. (2020). Philippine English. In Bolton, K., Botha, W., & Kirkpatrick, A. (Eds.), *The Handbook of Asian Englishes*. London: Wiley Blackwell. (pp. 479-500)
- Nowak, E. (2020). Language loss and illocutionary silencing. *Mind*, 129(515), 831-865. <https://doi.org/10.1093/mind/fzz051>
- Piller, I. (2020). Linguistic diversity and social justice: An introduction to applied sociolinguistics. *Oxford University Press*. <https://doi.org/10.1093/oso/9780199937264.001.0001>
- Praveena, K. R. (2022). Application of Colaizzi's method of data analysis in phenomenological research. *Medico-Legal Update*, 21(2). <https://doi.org/10.37506/mlu.v21i2.2800>
- SyGaco, S. B. (2022). The shift of the first language during migration. *Asian Journal of Interdisciplinary Research*, 5(1), 26-34. <https://doi.org/10.54392/ajir2214>
- Tupas, R. F. (2022). The coloniality of native speakerism. *Asian Englishes*, 24(2), 147-159. <https://doi.org/10.1080/13488678.2022.2056797>



Veettil, R. P., Binu, P. M., & Karthikeyan, J. (2020). Language maintenance and language shift among Keralites in Oman. *Arab World English Journal*, 11(4). <https://dx.doi.org/10.24093/awej/vol11no4.21s>